# *ELEHIYA*

*Dulang May Isang Yugto*

*Filipino Division*

*Carlos Palanca Awards 2025*

## SINOPSIS

Ang dula ay koleksyon ng mga monologo. Ito'y binubuo ng mga importanteng usapin sana sa pagitan ng mga anak at ama, na hindi na nila kayang pag-usapan dahil sa lalim ng tampo sa isa’t-isa.

## MGA TAUHAN

**LALAKI**

Ang "LALAKI" (Early-Mid 40s) ay isang karakter na nagbibigay ng ilusyon na kasali sa dula ang mandudula.

**ED**

Si Edgardo "ED" Dela Cruz Jr. (30s) ay isang young professional na nagtatrabaho bilang copywriter sa isang marketing company.

**GARDO**

Si Edgardo "GARDO" Dela Cruz Sr. (Mid-Late 50s) ay isang long-time security guard ng isang building kung saan corporate executive si Nick Perez Sr.

**KULAS**

Si Nicholas "KULAS" Perez Jr. (30s) ay pinanganak no'ng December 26, 1996 - araw na pina-trade ng Dallas Mavericks si Jason Kidd sa Phoenix Suns.

**NICK**

Si Nicholas "NICK" Perez Sr. (50s) ay corporate executive sa isang malaking kumpanya na medyo napabayaan ang anak, dahil single dad.

**TAGPO**

Ilang lugar sa Maynila. Sa kasalukuyan.

**PAUNAWA NG MANDUDULA**

Maaaring itanghal ang dulang ito nang walang anumang props maliban sa dalawang kahoy na upuan na mananatili sa entablado sa lahat ng oras. Sa halip na gumamit ng mga pisikal na bagay, hinihikayat ang mga aktor na gamitin ang pantomima upang ipakita ang kanilang mga aksyon. Ang bawat galaw ay sasamahan at pag-iibayuhin ng mahusay na disenyo ng tunog, disenyo ng ilaw, musikal na iskor, at malikhaing mga projection upang bigyang-buhay ang kwento. Sa ganitong paraan, ang imahinasyon ng manonood at ang sining ng mga tagapagtanghal ang magdadala sa kabuuan ng karanasan.

*Madilim ang entablado. Maririnig ang boses ng LALAKI. Lahat ng babanggitin niya magkakatotoo sa kahabaan ng dula, dahil siya na rin ang magsisilbing "narrator."*

**LALAKI**

Magbubukas ang ilaw. Babaha ng liwanag. Sa pagliliwanag ng entablado, tatambad sa manonood ang isang lalaki…

*(ituturo ang parehong upuan)*

…at dalawang pangkaraniwang upuan na nakapuwesto sa magkabilang sulok ng entablado.

*(saglit)*

'Wag n'yo nang itanong kung ano pangalan ko. Hindi importante. Kasi, ayon sa ilan sa inyo, pare-pareho naman kami. Tawagin n'yo na lang akong "LALAKI."

*(saglit)*

At ngayong gabi, ang entablado, sa kahabaan ng dulang 'to, e lugar ng mga lalaki.

*Maglalakad-lakad ang LALAKI sa paligid ng entablado na parang pinatutunayan na pagmamay-ari niya ang bawat sulok nito.*

**LALAKI**

Imagine natin ang amoy.

*Pipikit ang lalaki at hihinga nang malalim.*

**LALAKI**

Amoy ng latak ng alak; mga luma at nilulumot na case ng beer sa stockroom ng isang warehouse; o kaya, kulob na amoy ng pawis sa basketball court sa kasagsagan ng dikit na finals game sa isang inter-baranggay league; o kaya, amoy ng ashtray, gin-pomelo, mani, at maling, amoy ng inuman sa kanto.

*(saglit)*

Ito ang amoy ng mundo ng lalaki: pisikal, agresibo, may konting asim.

*(didilat; kakausapin ang manonood;*
*ituturo ang likod ng entablado)*

Sa likod ng entablado, lilitaw ang isang projection.

*Lilitaw bilang isang projection sa pader o screen ang pamagat ng unang bahagi ng dula:*

*I. HALOS PARANG "I LOVE YOU" NA RIN 'YON, DAD*

**LALAKI**

Yan ang pamagat ng unang bahagi ng dula. Pangkaraniwan ang font. Simple. Minimalist. Kailangan sans serif. Dapat naka all-caps.

*(MORE)*

**LALAKI (CONT'D)**

Hindi puwedeng naka-Italicize. Kailangan straight ang tindig ng mga letra: matatag at tayong-tayo.

*(lalakasan ang boses)*

‘Yan ang font na panlalaki.

*Tatahimik saglit si LALAKI at lilingon sa projection.*

**LALAKI**

Dapat siguro "BOLD" din kasi mahilig sa "BOLD" ang mga lalaki.

*Magiging "BOLD" ang FONT sa projection:*

**I. HALOS PARANG "I LOVE YOU" NA RIN 'YON, DAD**

**LALAKI**

Font na ordinaryo at walang drama, kasi hindi ma-drama ang mga lalaki.

*(saglit)*

Tapos, dahan-dahang mawawala ang pamagat.

*Tatango ang LALAKI habang dahan-dahang nawawala ang projection ng pamagat.*

**LALAKI**

Tapos may papasok na anak.

*Enter, ED.*

**LALAKI**

May hawak siyang sulat.

*Iaangat ni ED ang hawak na sulat para makita ng manonood kahit nakaupo sila sa dulo ng teatro.*

**LALAKI**

Hindi importante kung ano pangalan niya. Ang kailangan n'yo lang malaman ay anak siya, at mayroon siyang ama.

*(saglit)*

Bubuksan ng anak ang sulat at sisimulan niya itong basahin.

*Exit, LALAKI.*

**ED**

*(kausap ang manonood; "Brechtian" o "meta")*

Hi, Dad! Sumulat ako sa'yo kasi may isang online article na nabasa ang girlfriend ko tungkol sa anxiety. Sabi daw sa article, ang anxiey raw puwede manggaling sa childhood neglect, abuse, o post-traumatic stress disorder. Sabi rin doon, isang paraan para raw maka-move on sa trauma, kailangan i-proseso. Ang sabi ko sa girlfriend ko, wala akong trauma. Sabi niya meron daw at kailangan ko raw subukan sabihin sa sa'yo, kahit sa isang sulat lang, ang nararamdaman ko.

*(iiling)*

Hindi niya kasi naiintindihan ang mga lalaki. Akala niya nagsasabihan tayo ng nararamdaman. Sabi ko sa girlfriend ko, baka "genetic" lang talaga ang anxiety. Baka namana ko lang sa'yo, Dad. Naalala ko kasi nabanggit mo dati na may anxiety ka. No'ng panahong 'yon, hindi ko pa alam ibig sabihin nun, pero ngayon parang alam ko na.

*Uupo si ED sa isa sa mga upuan; sa ngayon, hindi pa importante kung saan.*

*[Gabay sa Direksyon: Nakaka-tempt gumawa ng kaartehan sa susunod na bahagi ng dula: shadow projections ng rehas o tinik, set design na parang hawla, o kung ano-anong malikhaing metapora. Bawal 'yan dito. Maganda siguro, pero hindi kailangan, kasi minimalist tayo.]*

**ED**

'Pag inaatake ako ng anxiety, para 'kong nakakulong. O parang may nakabara sa dibdib ko. O parang may tinik sa lalamunan ko. Parang may mali na hindi ko kayang ayusin, tapos natatakot akong gumalaw kasi baka mas lalong lumala, baka lalong lumalim ang pagkakabaon ng tinik. May matinding takot sa dibdib ko na nakakalito, kasi hindi ko maintindihan kung paano nagkaroon ng tinik sa lalamunan ko, kahit hindi naman ako kumain ng isda.

*(saglit)*

Gano'n pala ang anxiety, 'no? Kaya heto, nagsulat ako ng liham. Sa totoo lang, hindi ko alam kung makakatulong 'to, pero ginawa ko na lang kasi baka pag-awayan pa namin ng girlfriend ko. Naalala ko kasi ang payo mo sa amin, "Wag kayong nakikipag-away sa babae, kasi ang babae hindi n'yo puwedeng sapakin."

*Matatawang mag-isa si ED; mag-iisip.*

**ED**

Bata pa kami, Dad, marami ka nang payo tungkol sa sapakan.

*Enter, GARDO.*

**GARDO**

*(kausap ang manonood na parang nandoon si ED)*

'Nak, kung makikipagsuntukan, dapat madiskarte, ha? 'Wag sa teritoryo ng kaaway mo, kasi baka mapagtulungan ka. Kung maaari nga, 'wag ka na lang makipag-away. Delikado kasi talaga.

*Uupo si GARDO sa isang upuan sa sulok ng entablado; ‘yung sa may downstage. Ihaharap niya ang upuan sa manonood.*

*Ibubulsa na ni ED ang sulat na kanina'y binabasa, para direktang kausapin ang ama - si GARDO - na kahit minsan ay hinding-hindi lilingon sa kanya.*

**ED**

May isang away na paulit-ulit mo na sa'king naikuwento. Minsan, tatanungin mo pa 'ko kung naikuwento mo na 'to, pero kahit sabihin kong "oo," ikukuwento mo pa rin ulit.

**GARDO**

*(kakausapin ang manonood na*

*parang sila ang anak o kainuman)*

No'ng araw nga may nakaaway akong anak ng military. No'ng kabataan ko kasi, napa-barkada 'ko sa mga siga sa lugar namin. Madalas kaming nag-iinuman sa kanto; kanya-kanyang bitbit lang ng silya mula sa bahay, at pitik sa mga grocery ni Nanay.

*Mapapangiti si GARDO at titingin sa kawalan na para bang may naaalalang maganda.*

**GARDO**

Paulit-ulit lang naman ang mga kuwento't biro namin. Lahat halos e tungkol sa inuman no'ng nakaraang buwan, nakaraang linggo, o kinagabihan lang. Minsan, may dadaan sa kalye, na mapag-uusapan at pagtatawanan. Pero, isang gabi, nagkamali kami ng napag-tripan.

*Kukuha kunwari ng bote si GARDO at tatagayan ang sariling kunwaring baso. Wala tayong makikita, pero kunwari may iniinom ang artista.*

**GARDO**

Nag-iinuman kami; may dayo. Inalok namin ng shot, puta, nag-inarte. Hindi naman nakagugulat 'yon, kasi hindi naman niya kami kilala, 'di ba? Ba't naman siya iinom nang inalok ng mga tambay sa kanto? Pero tradisyon kasi 'yon. Tapos, 'pag tumanggi ka sa alok na inom, para mong binastos ang nag-alok, para mong pinandirihan. Wala namang umapila sa barkada, kasi hindi naman namin talaga kilala ang binata. Pero para medyo magpasikat sa kanila, no'ng naglalakad palayo ang dayo, sumipol ako.

*Sisipol si GARDO.*

**GARDO**

*(magtatatawa)*

Nagpalingon-lingon ang dayo; hinahanap siguro kung kanino ako sumipol. Hindi niya pa naintindihan agad na siya ang pinagti-tripan ko; na siya ang chicks. Inulit ko pa.

*Sisipol ulit si GARDO.*

**GARDO**

Puta, napikon 'yong dayo. Lumakad pabalik. Tinanong ako.

*(MORE)*

**GARDO (CONT'D)**

*(gagayahin ang boses ng dayo na parang siga o macho)*

"Hoy! Kinukursunada mo ba ko?"

*(saglit)*

Alangan namang sabihin kong "hindi," 'di ba? Nakakahiya 'yon sa barkada. Kaya pinalagan ko rin. E pucha mas malaki sa'kin.

Nang umamba para sapakin ako.

*(kukuha ng "invisible" bote mula sa "invisible" table sa harap niya)*

Inunahan ko ng dampot ng bote, tapos pinalo ko sa ulo!

*Maririnig sa buong tanghalan ang tunog ng nabasag na bote.*

**GARDO**

Hindi ko naman binalak manakit talaga; putangina, trip-trip lang 'yon e. Yabang lang sa barkada, kumbaga. Pero no'ng bumagsak sa kalsada 'yong dayo, pumalo sa aspalto 'yong ulo niya.

*(manlulumo o magsisisi)*

Ang ending: ICU.

*Maririnig sa buong tanghalan ang tunog ng heart monitor.*

**GARDO**

Tsaka ko pa lang nasimulang pag-isipan kung ano ang puwedeng mangyari. Puwede akong makulong, o kaya gantihan ng mga kamag-anak ng dayo na anak pa pala ng sundalo, at puwede rin akong magkaroon ng permanent record na pahihirapan akong magkaroon ng magandang trabaho.

*(saglit)*

Malaki-laki rin ang nagastos ng pamilya namin para sa areglo. Kinailangan pa yatang tawagan lahat ng ninong ko sa kapulisan, at 'yong Tita kong konsehal, para pagtakpan ang mga katarantaduhan ng mga batang nag-iinuman.

*(saglit)*

Kaya, tandaan mo, 'Nak, na ang away delikado. Sa away, lahat talo. Ang dehado at ang lamang, pareho lang maaabala at masasaktan.

**ED**

Siguro sumulat ako dahil gusto kong magpasalamat sa mga payo mo; lalo na ang listahan ng mga hindi dapat pinapatulan o pinapalagan.

*(saglit)*

Nasa listahang 'yon ang mga holdaper.

**GARDO**

'Nak, ang taong handang mang-holdap, handang pumatay.

**ED**

Nandoon din ang taxi driver.

**GARDO**

Puwede kang iligaw o baka maaksidente kayo sa pinag-aawayan n'yo. Baka sumalubong pa sa trak yan, 'pag napuno sa'yo.

**ED**

Nandoon din ang mga kapitbahay.

**GARDO**

'Wag kang makipag-away sa mga taong nakatira malapit sa bahay mo. Mahirap mabuhay 'pag araw-araw kang may kaaway sa tabi mo.

**ED**

Nandoon din ang babae; lalo na ang asawa.

**GARDO**

'Wag kang makikipag-away sa babae, kasi ang babae hindi mo puwedeng sapakin.

**ED**

At tuwing mag-aaway kayo ni Mom, dahil sa pambababae mo, magliliparan ang mga matatalas na insulto mula sa matalas na dila niya. Pero bawat talim at tipak ng sumpa, sasaluhin ng ‘yong panangga ng pagtitimpi.

*Lalapit si ED kay GARDO.*

**ED**

Pero, may isang insidente na hanggang sa pagtanda ko, pinag-iisipan ko. No'ng minsan akong mapaaway, paulit-ulit mo 'tong ikinuwento sa mga tito ko na parang kang…

*(hahanapin ang tamang salita;*
*sasabihin nang halos patanong)*

"Proud?"

**GARDO**

*(kakausapin ang manonood na*
*parang mga tito ni Ed)*

'Yang pamangkin mo! Pucha, may nakaaway sa Select - diyan, sa may Shell - sa may Don Antonio. 'Yong lasing na sumuntok sa kanya, puta, hinambalos ang ulo sa sahig! Sabi ko na, mali na pinag-"Milo Best" summer workshop ko 'yan sa Judo dati e!

**ED**

Kahit sa mga bibili lang ng yosi sa tindahan ni Lola, pinagkalat mo na kahit mukha akong lampa, muntik na kong makapatay.

**GARDO**

Kahit gano'n itsura nun – mukhang lampa – marunong 'yon. Nagkamali sila ng tinabla. Iniwang walang malay 'yong kaaway! Muntik nang matuluyan! Buti kamo nandoon ang mga tropa no'ng nakaaway niya, kung hindi baka natuluyan na 'yon! Baka na-trobol pa anak ko! Nag-"Milo Best" kasi sa Judo 'yon.

**ED**

At kahit sa mga kainuman mo, ito ang ikinukuwento mo para pauwiin sila.

**GARDO**

'Wag na kayong lumakad! Magsiuwi na kayo! Ang lasing, hindi na dapat namamasyal; dapat umuuwi. Baka magkamali kayo ng pagti-tripan! Naalala n'yo no'ng may nakaaway no'ng anak ko sa Shell; sa may Don Antonio? Baka matulad kayo doon! Basag ang ulo!

**ED**

*(ngingiti)*

Pero, Dad, hindi naman kumpleto ang kuwento. Hindi mo nabanggit sa kanila na no'ng gabing 'yon, inabutan mo kong iyak nang iyak sa bahay, kasi akala ko napatay ko ang kaaway ko, at akala ko makukulong na ko. Hindi ko makakalimutan 'yon kasi no'ng nakita mo kong umiiyak, ang sinabi mo sa'kin...

**GARDO**

*(galit; ituturo ang anak; pasigaw)*

Putang ina, wag ka ngang umiyak! Nakapatay ka lang, iiyak ka na?

*Matagal na katahimikan.*

**ED**

Alam ko, Dad, na hindi na uso ang ganong pananaw ngayon, kasi maraming nang "woke," marami nang "Golden Retriever Boys," at marami nang magsasabi na "toxic masculinity" daw 'yon.

*(ngingiti)*

Wala akong paki'… Kasi no'ng narinig kong sinabi mo 'yon, na-touch ako.

*(MORE)*

**ED (CONT'D)**

*(saglit)*

Parang may tinik mula sa isdang hindi ko kinain ang nabunot sa lalamunan ko. Kasi tulad ng ginawa ni Lolo para sa'yo no'ng may hinampas ka ng bote sa ulo, alam ko na hahanap ka ng paraan - kahit anong paraan - para hindi ako madampot.

*(saglit)*

Hindi ito ang sinabi mo, pero ito ang narinig ko…

**GARDO**

*(malumanay)*

'Wag kang umiyak, kahit ano pa nagawa mo, nandito ako.

**ED**

'Yon ang pinaka-tatay na sentence na narinig ko mula sa'yo. Halos parang "I love you" na rin 'yon, Dad.

*Lalapit si ED at tatayo sa likod ni GARDO.*

**ED**

Kaya 'pag may anxiety ako, 'pag may bara sa dibdib ko, o tinik sa lalamunan ko, at hindi ako makahinga nang maluwag, lagi kong iniisip 'yong sinabi mo sa'kin no'ng akala ko napatay ko 'yong lasing na nakaaway ko.

*(gagayahin si Gardo)*

"Putang Ina, 'wag kang umiyak! Nakapatay ka lang, iiyak ka na?"

*(hahawak sa mga balikat ni Gardo)*

Halos parang "I love you" na rin 'yon, Dad; parang "I love you" na rin 'yon.

*Dahan-dahang magdidilim ang entablado.*

*Exit, ED at GARDO.*

*Lilitaw ang isang projection sa likod ng entablado. Pamagat ito ng susunod na kabanata:*

**II. HANGGANG NGAYON, HINDI PA RIN MAINTINDIHAN NI DAD KUNG BAKIT NANGYARI ANG TRADE NA 'YON**

*Enter, KULAS. Kukunin ni KULAS ang isang upuan mula sa sulok ng entablado at ililipat sa center stage. Ihaharap sa kaliwa; uupo.*

*Enter, NICK. Kukunin ni NICK ang isang upuan mula sa sulok ng entablado ililipat sa center stage, sa likod ni KULAS. Ihaharap ni NICK sa kanan ang upuan bago umupo.*

*Biglang makikipag-usap si KULAS sa isang doktor na wala doon (isang "invisible therapist") na para siyang nasa gitna ng isang therapy session.*

**KULAS**

Doc, let's be honest, okay lang? Alam ko kasi na it's in your best interest that my Dad and I never get along just so we can keep up this charade that we're doing therapy to "try" to fix our relationship.

*(saglit)*

Para he can keep paying you, 'di ba? I get it. It's fine. Pera niya naman 'to e. I don't care. We can do these sessions indefinitely, Doc. As long as you want.

*(saglit)*

Pero, okay lang ba, 'wag na tayo magpanggap na nagtatrabaho ka? Can we stop psychoanalyzing me? Let's talk about something else. Nanonood ka ba ng basketball?

*Biglang makikipag-usap si NICK sa isang doktor na wala doon na para siyang nasa gitna ng isang therapy session.*

**NICK**

Doc, 'yong father and son relationships kasi, madalas, ang basis niyan e common interests; interests na puwede nilang pag-usapan. Pero, I mean, you've met him, 'di ba?

*(saglit)*

Tell me. Masarap bang kausap, 'yon? Kayo, ano topic n'yo? I mean, aside from me? Honestly, what else does he even talk about outside how disappointing his father is?

*[Gabay sa Direksyon: Para lang "clear"; 'yong sinusubukan natin dito e parang si NICK at si KULAS ang nagsasagutan "indirectly" pero, siyempre, sa literal reality ng mga kaganapan, magkaibang panahon nilang kausap ang parehong "invisible therapist."]*

**KULAS**

Doc, hindi ba obvious naman ang sagot why we don't get along? What do you mean, "Why do you think so?"

*(pagtatawanan ang "invisible therapist")*

Alam mo 'yung sagot, Doc! Nag-uusap din naman kayo ni Dad sa sessions n'yo, 'di ba? We don't get along kasi hindi siya "okay" na tao! Puro pera at negosyo lang iniisip niya. Also, Doc, hindi 'yon judgment ha? Objective observation 'yon.

**NICK**

Tinatanong mo ako last week, Doc. Tinanong mo ako kung ano ang pag-uusapan namin ng anak ko, kung "perfect son" siya. Ngayon ko lang naisip ang sagot ko.

*(saglit)*

Kung makakapili ako ng pag-uusapan namin ng anak ko, malamang ang gusto ko pag-usapan e 'yong mga negyosyong mamanahin niya sa'kin. To make sure he'll be fine, should something happen to me. Ano ba dapat ang topic namin? Ikaw, Doc, ano topic n'yo ng anak mo?

*(makikinig)*

Ha? If I was a "perfect father," ano kaya ang topic namin? Honestly, hindi ko alam.

**KULAS**

If Dad was the perfect father, what kind of conversation would we be having? Hmm... Interesting question 'yan.

*(saglit)*

Okay. Complete fantasy 'to, ha? Pero, if I could choose the perfect conversation with the perfect father, ang pag-uusapan namin 'yong mga diss tracks ni K-Dot at ni Drake during their beef last year.

*(MORE)*

**KULAS (CONT'D)**

*(saglit)*

Tapos pakikinggan namin 'yung diss tracks nila together, 'yong rhyme schemes nila and how they switch-up their flow, tapos pag-uusapan namin kung sino nananalo. Random stuff lang: current events, popular culture, ewan ko.

*(makikinig)*

If I were the perfect son? Kung perfect ako, ang topic namin 'yung gusto niyang pag-usapan: business. I know what he wants to talk about. I just don't think he deserves a "perfect son."

**NICK**

Doc, dati, we used to talk about basketball; in particular, the Dallas Mavericks. Ako, ever since they drafted Jason Kidd no'ng 1994, fan na 'ko ng team na 'yon. Feeling ko nga, best day of my life 'yon e.

*(may biglang maaalala)*

Actually, no'ng pina-trade ng Mavericks si Luka Doncic, I'm sure that drove my son crazy, too, kasi Mavericks fans kami e.

**KULAS**

Doc, okay lang ba 'wag muna si Dad ang pag-usapan natin? I just have to get it out of my fucking chest, kasi hindi ko pa na-process 'yung loss, kahit ang tagal na noon.

*(saglit)*

Putangina! Doc, I know it's been a while, and I should be over it, pero hindi ko pa rin ma-gets kung bakit pina-trade ng Dallas Mavericks si Luka Doncic para kay Anthony Davis. Seryoso? Laging injured 'yun e!

**NICK**

December 26, 1996 was the worst day of my life. 'Yun ang araw na pina-trade ng Dallas Mavericks si Jason Kidd sa Phoenix Suns. Coincidentally, it was also the day my son was born, and the day I lost my wife.

**KULAS**

Paano ko ba ie-explain ang Luka Doncic trade sa taong hindi "gets" ang basketball?

*Mag-iisip si KULAS; maglalakad-lakad.*

**KULAS**

Ah! Ganito. Imagine mo, Doc, your favorite boy band is NSYNC, tapos nag-decide ang management na mag-swap ng members. Tapos, they sent Justin Timberlake to the Backstreet Boys in exchange for Kevin Richardson.

*(saglit)*

Ba't mo gagawin 'yon, right? I think the only front office decision that comes close to being as bad as trading away Luka Doncic, was the trade they made on my fucking birthday when the Mavs sent Jason Kidd to the Suns for a bunch of bums. That trade was so bad, my mother literally died.

**NICK**

Pero, Doc, no'ng 2008, Jason Kidd was traded back to the Dallas Mavericks from New Jersey Nets! Sobrang saya ko, and my 12-year-old son, asked me what I was so excited about. That's when I told him about Jason Kidd, and that's how he became a Mavericks fan forever.

**KULAS**

Yes, Doc, super fan ako ng Mavericks. Alam ko, for the longest time, lagi silang talo, but basketball - team sports, in general - isn't just about winning and losing.

*(MORE)*

**KULAS (CONT'D)**

*(saglit)*

It's about the stories, the plot twists, the struggles, injuries, trades, in-fighting, strategy... It's about fucking drama! Para siyang teleserye ng mga straight na lalaki!

**NICK**

Alam ko, Doc, itatanong mo sa'kin kung bakit hindi namin pinag-uusapan ng anak ko ang basketball, kahit sobrang obvious na pareho naming gusto 'yon… Mahabang kuwento.

**KULAS**

That's the one thing we don't talk about. We don't talk about basketball, and I don't really want to get into why.

*Mahabang katahimikan.*

*Tapos, si NICK at KULAS sabay hihinga nang malalim at sabay magsasalita:*

**NICK**

Varsity kasi siya no'ng high school.

**KULAS**

Varsity kasi ako no'ng high school.

*Saglit.*

**NICK**

To be a supportive dad, pumunta ako sa isa sa games ng team niya. Sabi niya sa'kin semi-finals daw. But when I got there, he was sitting on the bench. Siyempre single dad ako; importante sa'kin ang oras ko.

**KULAS**

Gusto ko sanang i-explain kay Dad na hindi ako pinalaro ni Coach kasi nabalitaan niya na may scout sa crowd at gusto niyang mabigyan ng scholarship 'yong anak niya na kapareho ko ng posisyon. I'm sure, inisip ni Dad, na nakaupo ako kasi mas magaling sa'kin 'yon. That was not the case at all!

**NICK**

Ang plano ko lang naman talaga e manood ng first half, tapos during the halftime break, pupuntahan ko siya sa locker room para sabihing ang husay ng laro niya. Pero, dalawang quarter na dumadaan, hindi pa siya pinapasok sa laro. Nakaupo pa rin siya sa bangko.

**KULAS**

Doc, grabe 'yong pressure. Para hindi masayang punta ni Dad, inisip ko talaga, "Sana ma-injure teammate ko, para makita naman ako ni Dad maglaro."

**NICK**

To make matters worse, 'yong schedule ng game nila kasabay ng 2011 NBA finals, where Dallas - led by Dirk Nowitzki and Jason Kidd - was playing against Lebron James, Dwyane Wade, and Chris Bosh.

**KULAS**

Every time I looked at him, he was on his phone. Alam ko he'd rather be watching his favorite team play than watch his own son warm the bench for his crappy high school varsity team.

*(saglit)*

Pinasok lang ako sa game no'ng fourth quarter. Tambak na kami! The other team was leading by thirty, tapos 2 minutes na lang.

**NICK**

I planned on staying until the end of the game. 2 minutes na lang naman. Pero may nangyari kasi. Habang nanonood ako, nagkita kami no'ng security guard sa building ng opisina ko.

*Enter, GARDO. Makikita ni NICK si GARDO. Kakaway si GARDO kay NICK.*

*Tatayo si NICK mula sa upuan at lalapit kay GARDO.*

**NICK**

Mang Gardo! Ano ginagawa mo dito? Sino nagbabantay sa opisina?

**GARDO**

*(matatawa)*

Weekend, Boss Nick!

*Dudungaw pareho sina NICK at GARDO sa isang direksyon na parang nanonood ng basketball.*

**GARDO**

Sino diyan anak mo, Boss?

**NICK**

*(tuturo sa ibang direksyon)*

Number 2. Nakaupo.

**GARDO**

Magkalaban pala tayo.

**NICK**

O? Sino 'yong anak mo?

**GARDO**

Nakaupo na rin, Boss. Number 18.

*Tuturo sa itaas si GARDO; may scoreboard kunyari doon kung saan nakasaad ang tally ng puntos ng mga player.*

*Exit, GARDO.*

*Babalik si NICK sa upuan kung saan niya kausap ang "invisible therapist."*

**NICK**

Doc, ang tinuro ni Mang Gardo e 'yong scoreboard kung saan malinaw na star player ng kabilang team 'yong anak niya. Tambak ng trenta ang team ng anak ko.

**KULAS**

*(matatawa)*

Doc, kahit kakampi namin si Luka Doncic, hindi na kami mananalo.
Sabi ko na lang sa sarili ko, kahit talo kami, at least, mapapanood na ko ni Dad maglaro!

*Tatayo si KULAS at magdi-dribble-dribble ng "invisible ball."*

**KULAS**

Unang hawak ko ng bola, cross-over, between-the-legs, drive ako agad! Na-foul ako. So, dahil shooting motion, two free throws.

*Pupunta sa downstage center si KULAS para sa kanyang free throws. Mapapatayo si NICK para panoorin ang free throws ni KULAS. Sabay magsasalita ang dalawa.*

**KULAS // NICK**

Ang nakakatawa, kinakabahan ako.

*Saglit.*

**NICK**

Trenta lamang ng kalaban, pero grabe ang kaba ko, kasi ayokong mapahiya kay Mang Gardo.

**KULAS**

Thirty fucking points, tapos 2 minutes na lang. Obviously, the game has already been decided. Pero dahil nanonood si Dad, kinakabahan ako.

*(MORE)*

**KULAS (CONT'D)**

*(liligon kay Nick)*

Inisip ko na kailangan ko maka-score, kung hindi, sayang ang paghihintay ni Dad.

*Magkukunwaring mag-shoot ng bola si KULAS. Sabay silang iiling ni NICK.*

*Titingin si KULAS kay NICK.*

**KULAS**

I missed one free throw, tapos 'pag tingin ko kay Dad, umiling lang siya, tapos umalis. Hindi na niya hinintay 'yong pangalawa kong free throw. Hindi kasi "worth" ng oras niya panoorin akong maging bobo kung saan siya mahilig. Pero okay lang siguro na umalis siya, kasi 'yong pangalawa kong free throw, mintis din. Buti hindi niya na nakita.

*Aalis si NICK sa puwesto at babalik sa upuan para kausapin ang "invisible therapist."*

**NICK**

Doc, 'yong anak ng security guard namin sa building, naka-trenta. 'Yong anak ko, hindi man lang maka-isa?

*(MORE)*

**NICK (CONT'D)**

Pucha, kahit free throw, hindi niya pa nakuha. Hiyang-hiya ako. No'ng mga sandaling 'yon, hindi kami business owner at security guard. Pareho lang kaming tatay na nanonood ng mga anak nila, pero 'yong anak ni Gardo magaling, tapos 'yong anak ko, hindi.

*Babalik na rin si KULAS sa upuan.*

**NICK**

Hindi ko alam, Doc. Hindi ko alam kung ano'ng sumapi sa'kin. Unang mintis pa lang ng anak ko, hindi na kinaya ng kahihiyan ko. Hindi ko na inantay matapos ang laro, at naghintay na lang ako sa parking lot.

*Kukunin ni NICK ang upuan niya at ilalagay sa downstage center; uupo.*

**KULAS**

When I got to the car, Doc, nakita ko e.

*Kukunin ni KULAS ang upuan niya at ilalagay sa tabi ni Nick sa downstage center; uupo. Si NICK at si KULAS mukhang nakasakay sa loob ng isang kotse.*

**KULAS**

*(titingin si Kulas kay Nick)*

Hiyang-hiya siya sa performance ko. Na-judge niya 'yong buong pagkatao ko based on one missed fucking free throw during garbage time, kung saan lamang ng thirty 'yong kalaban.

*Titingin sa sahig si KULAS sa kahihiyan*

**NICK**

*(titingin si Nick kay Kulas)*

Ang dami kong naisip na words of comfort about a loss, or inspiring speech about how it took Jason Kidd 17 years before he won his first NBA title. Puwede naman e. Dapat binanggit ko 'yon. Pero sobrang disappointed ko, hindi ako makapagsalita. Tahimik lang kami. I was just driving us on the way home. I don’t know what happened.

**KULAS**

*(titingin sa manonood)*

We both know what happened. Habang nagda-drive siya pauwi, he couldn’t help himself. He had to make me feel worse than I already do.

*Titingin si NICK kay KULAS.*

**NICK**

Kulas…

**KULAS**

Yes, Dad?

**NICK**

Nakita ko pala 'yung guard sa opisina namin kanina.

**KULAS**

Ah… Si Mang Gardo. Nakita ko nga rin siya.

**NICK**

Anak niya pala 'yong star player no'ng kalaban n'yong team?

*Tatango si KULAS, tapos titingin sa sahig.*

**KULAS**

*(sa manonood)*

Ang iniisip ko lang no'ng time na 'yon, sobrang lungkot siguro ni Dad no'ng pinanganak ako. Pina-trade na nga si Jason Kidd - yung favorite basketball player niya - namatay pa 'yong asawa niya, tapos, 'yong anak niya, bobo sa kaisa-isang bagay na gusto niya.

**NICK**

I wasn't trying to make him feel bad. I was making conversation. Gusto ko lang makipagkuwentuhan sa anak ko. Pero tahimik lang siya.

*(saglit)*

So, binuksan ko 'yong radyo…

*May bubuksang "invisible radio" si NICK. Maririnig ang balita tungkol sa isang basketball game.*

**NICK**

*(titingin kay Kulas)*

Nanalo tayo, 'Nak… Panalo Dallas!

*Lilingon si KULAS kay NICK. Ngingiti si KULAS at tatango.*

**NICK**

*(iiling habang nakatingin sa kalsada; magdadabog)*

Putang ina! Sayang hindi natin napanood!

*Kukunin ni KULAS ang upuan at ibabalik sa original position; malayo kay NICK. Kakausapin niya ulit ang "invisible therapist."*

**KULAS**

I was 15 when I opened the door and threw myself out of my Dad's moving car.

*(iaangat ang suot na pantalon para*
*ipakita ang tuhod)*

One week ako sa ospital. Tore my MCL and ACL. It was the end of my basketball career.

*Kukunin ni NICK ang upuan at ibabalik sa original position; nakatalikod kay KULAS.*

**NICK**

Tapos, after that, since I brought him home fromhe hospital, hindi ko na siya nakitang masaya.

**KULAS**

Hindi niya napanood nang live ang first championship win ng paborito niyang team, kasi pinanood niya 'kong umupo habang tinatambakan ang team ko. Putang ina, pati 'yun ba kasalanan ko?

*Matagal na katahimikan.*

**KULAS**

Hindi niya sinabi, pero ang obvious sa'kin ng implications e. Kung hindi ako pinanganak, baka napanood niyang mag-champion ang Dallas Mavericks; baka hindi siya napahiya sa security guard; baka buhay pa si Mama.

**NICK**

Doc, alam mo ba 'yung pakiramdam ng magmahal ng anak na hindi kayang maging masaya? Parang habang buhay akong naghuhukay sa paghahanap ng lalim ng kaligayahan niya.

*(saglit)*

Para 'kong gumagawa ng balon, pero ang lalim-lalim na, hindi ko na maaninag ang liwanag - kung saan ako galing - at napalilibutan ako ng kadiliman, hanggang sa sumasagi na sa isip ko na baka wala talagang tubig dito.

**KULAS**

*(magiging emosyonal)*

Doc, kahit hindi namin pag-usapan, alam ko. Alam ko na 'yon ang iniisip niya. Kahit hindi niya sinasabi, naririnig ko! Pero hindi ko rin siya masisi kasi hindi naman niya kasalanan na araw-araw niyang pinagsisisihan na ako ang nabuhay at hindi si Mama. Sa kotse, alam ko, na sabay naming iniisip na sana ako na lang ang nawala.

*Mahabang katahimikan.*

**KULAS**

*(magpupunas ng mga luha;*

*kakalma)*

But, like I said, Doc... We can do these sessions indefinitely. As long as you want. Pera niya 'to. Wala akong paki'. Pero 'wag tayo mag-pretend, Doc, na hindi natin alam ang dahilan kung bakit hindi kami nagkakasundo. Simple lang sagot doon, at kung hanggang ngayon, hindi mo pa rin alam, anong klaseng therapist ka, bro?

*Saglit.*

**KULAS**

Ang problema namin ni Dad, hindi niya maitago sa'kin na ako ang nakikita niyang dahilan ng lahat ng lungkot niya. Kasi, hinding-hindi niya mage-gets kung bakit ako dumating, at si Mama, nawala. Hanggang ngayon, hindi pa rin maintindihan ni Dad kung bakit nangyari ang "trade" na 'yon.

*Dahan-dahang magdidilim ang entablado.*

*Exit NICK at KULAS.*

*Lilitaw ang isang projection sa likod ng entablado. Pamagat ito ng susunod na kabanata:*

**III. ANG HULING BALWARTE NG KINILALA KONG PAGKALALAKI**

*Enter, LALAKI.*

*[Gabay sa Direksyon: Ang treatment dito, "spoken word poetry."]*

**LALAKI**

Ang elehiya raw ay isang malungkot na awit o tula; isang seryosong pagninilay-nilay para sa namatay. Hindi ko alam kung tama ang napili kong pamagat ng dula, kasi hindi naman 'to awit o tula.

*(saglit)*

Tinatanong ko na rin ang sarili ko kung dapat nga bang pagnilay-nilayan nang may kalungkutan ang pagkamatay ng patriyarka. Ang pagbagsak kasi nito ang rurok ng pangarap ng pemenismo, 'di ba? Sabi nga ng mga taong mas matalino sa'kin, "Walang dapat malungkot sa pagbagsak ng patriyarka, kasi hindi naman pareho ang patriyarka at pagkalalaki."

*(tatango)*

Parang tama naman.

*Matagal na katahimikan.*

**LALAKI**

Pero, kami ng tatay ko, may mga simbulo ng patriyarka na nakagawian na naming hangaan at pahalagahan; mga rebulto ng kalalakihang sabay naming sinumpaan na ngayo'y inaamag at nabubulok na raw.

*(saglit)*

Kasabay ng pagtibag ng mundo sa mga simbulong ito, dahan-dahan ring natibag ang tiwala at paggalang namin sa isa't-isa. At itong lungkot na 'to ang alay ko sa gumuhong rebulto na itinayo ng kabataan ko, sanhi ng idolatriya para sa ama…

*(ituturo ang mga tatay sa teatro)*

Para sa kanila. Para kay Dad.

*(saglit)*

Ang dulang 'to ay isang elehiya para sa huling balwarte ng kinilala kong mga simbulo ng pagkalalaki.

*Maglalakad lakad ang LALAKI.*

**LALAKI**

Marami kasi kami; mga mag-aamang maraming hindi pagkakaintindihan dahil sa mabilis na bulusok ng nagbabagong paniniwala’t panahon.

*(MORE)*

**LALAKI (CONT'D)**

Tapos, minsan, ang hindi pagkakaintindihan ay aabot sa poot; parang isang kawaling kumukulo.

*(saglit)*

Ang pangarap ko, magamit ang materyal na 'to para maging regalo sa mga mag-amang hindi na kayang pag-usapan ang matagal nang hindi nila napag-usapan.

*(saglit)*

Gusto ko sana isang araw may mga anak na tulad nila...

*(ituturo ang mga anak sa teatro)*

At may mga tatay na tulad nila...

*(ituturo ang mga tatay sa teatro)*

Tapos manonood sila ng isang dula.

*Kukunin ng LALAKI ang dalawang upuan sa entablado at ipu-puwesto nang magkatabi sa downstage center, sa harap niya.*

**LALAKI**

Na-imagine ko nga na uupo kami dito ni Dad, makikinig nang magkatabi, manonood. Panonoorin namin ‘tong play.

*(MORE)*

**LALAKI (CONT'D)**

*(saglit)*

Tapos, pagbaba ng telon, wala na kaming kailangan ipaliwanag sa isa’t-isa.

*(saglit)*

Tapos, siguro, puwede kaming pumunta sa isang bar diyan sa Malate. Bibili kami ng beer at iinom nang tahimik. Tapos, 'pag nakainom na kami baka makalimutan kong tatay ko siya, at makalimutan niyang anak niya ko, at baka makalimutan na namin ang haba ng listahan ng mga pagkukulang niya bilang ama, at pagkukulang ko bilang anak, at baka matutunan na naming magpatawad.

*(saglit)*

Tapos, sa unang pagkakataon, makakausap ko siya at makilala, hindi bilang tatay, kung hindi bilang tao. At baka 'pag nakilala ko na siya bilang tao, matutunan ko na ulit siyang mahalin.

*Matagal na katahimikan.*

**LALAKI**

No'ng sinulat ko 'to, gano'n ko siya na-imagine. Pero, obviously wala siya ngayon, kasi hindi ko siya inimbita. Kasi hindi ko kayang makita niya kung paano niya ko nasaktan nang hindi niya naman sinasadya.

*(MORE)*

**LALAKI (CONT'D)**

*(saglit)*

Kasi, alam ko, madudurog ang puso niya 'pag nakita niya 'yon. Kahit hindi ko ramdam no'ng bata ako, may kutob ako, na mahal na mahal niya ko hanggang ngayon. May mga bagay pala na puwede mong malaman, kahit hindi mo nararamdaman.

*Maglalakad-lakad ang LALAKI.*

**LALAKI**

Tsaka ano…

*(matatawa sa sarili)*

Hindi ko siya inimbita kasi nahihiya ako.

*(saglit)*

Ang "cheesy" kasi e… Puta, mga lalaki kami e. Corny magsabihan ng nararamdaman. Mapapahiya lang siya. Ikakahiya niya 'to; ikakahiya niya ko. Kasi para sa kanya, hindi ganito dapat magmahal ang lalaki, hindi dapat ganito ang lalaki. Masyadong malambot. Nakakabakla.

*(saglit)*

Gano'n si Dad e. Hiyang-hiya siyang ipakita sa'min ang nararamdaman niya. Dahil lalaki siya, ang tipid-tipid niyang magmahal.

*(MORE)*

**LALAKI (CONT'D)**

*(saglit)*

Nandoon naman e. Yata. Nandoon yata 'yong pagmamahal, pero 'pag hindi mo hinanap, hindi mo mapapansin, o mararamdaman, o makikita.

*(magiging emosyonal ang lalaki)*

Kasi ang pagmamahal ng tatay ko e parang baryang iniipon niya sa puso niyang alkansya, na malalaman mo lang na may laman kapag binasag mo na.

*Magiging emosyonal  ang LALAKI.*

**LALAKI**

Kaya hindi siya imbitado dito. Hindi niya maririnig 'to. Kasi, itong dula, ito naman ang aking alkansya; mga alaala tungkol sa kanya, na hindi niya malalamang inipon ko pala. Ang puso ko, ang pag-ibig ko, at lahat ng pagpapatawad na kayang ialay ng anak sa ama, nakatago sa dulang 'to.

*Titingin sa paligid ang LALAKI.*

**LALAKI**

Pagkatapos nito - pagkatapos ng dulang 'to - babalik na 'ko sa pagka-macho, pagkamanhid, at puwede na ulit akong magkunwari na ni minsan, walang luha o uhog na dumapo sa mukha ko.

*(ituturo ang sahig ng entablado sa*
*rurok ng emosyon)*

Dito lang naman ako ganito. Dito lang sa malumanay na ilaw ng entablado; dito lang sa katahimikan ng maliit na teatro; dito lang sa diyalogo ng dulang 'to; dito lang kita kayang kausapin; dito lang kita kayang mahalin nang ganito, kasi walang makakakita…

*(saglit)*

Dahil mamamatay ang ilaw.

*Mamamatay ang ilaw sa entablado.*

**LALAKI**

May lilitaw na projection: pamagat ng dula.

*May lilitaw na projection ng pamagat ng dula:*

**ELEHIYA**

**LALAKI**

Pangkaraniwan ang font. Simple. Minimalist. Kailangan sans serif. Dapat naka all-caps. Hindi puwedeng naka-Italicize. Kailangan straight ang tindig ng mga letra: matatag at tayong-tayo. Bold.

*(hihinga nang malalim)*

'Yan ang font na panlalaki. Font na ordinaryo at walang drama, kasi gano'n magmahalan ang anak, at ang ama, at ang mga lalaki.

*(saglit)*

Ang mga puso nila ay alkansya at maririnig mo lang ang kalansing - at makikita mo lang ang kinang - ng pag-ibig nilang barya, kapag sila'y nabasag na. Kasi ang pag-ibig ng ama, at ang pag-ibig sa ama, isinusulat sa dula, isinasalin sa tula, at inaawit sa kanta, pero maririnig mo lang bilang…

*(saglit)*

**ELEHIYA.**

*Telon.*